

Iwasan ang mga problema sa buhay ng mamimili

Guidebook para sa Mamimili

~Pag-aralan natin! Kapayapaan ng isip para sa pamumuhay~



Unang-una sa lahat

Ang lahat ng tao ay nais na mamuhay ng mapayapa.

Sa kasamaang palad, gayunpaman, ang hindi magandang pangyayari ng pagkawala ng pera ng isang mahal sa buhay ay nangyayari dahil sa problema ng mga consumer.

Ang mga problema ng consumer ay nangyayari sa paligid natin.

Una sa lahat, mahalaga para gumawa ng mga hakbang araw-araw upang hindi masangkot sa mga problema ng consumer.

Huwag kalimutang tandaan na kailangan mong “protektahan ang iyong sarili”.

Nakatuon ang Guidebook na ito sa "buhay ng consumer," na gusto naming malaman ninyo upang mamuhay ng ligtas.

Isapuso natin ang kakayahang maiwasan ang mga problema ng consumer.



Talaan

| | |
|---|---|
| Unang-una sa lahat / Talaan | 1 |
| 1 Kahalagahan ng pera | 2 |
| 2 Tungkol sa “Pagpili” | 3 |
| 3 Tungkol sa “Pagbili” | 3 |
| 4 Tungkol sa “Pagbayad” | 3 |
| 5 Mga problema sa mga online game | 4 |
| 6 Problema sa internet | 5 |
| 7 Malisyosong pamamaraan ng negosyo | 6 |

1 Kahalagahan ng pera

Ang isang tao sa pamilya ay masugid na nagtrabaho at kumikita upang tayo ay mabuhay. Upang hindi masayang ang pinaghirapang pera, magkaroon rin ng tamang kaalaman bilang "consumer" na gumagastos ng pera.



- ※1 Exhibit : Ministry of Internal Affairs and Communications Statistics Bureau Household Survey (Paggasta sa kunsumo ng sambayanan ng dalawa o higit pang tao)
- ※2 Kinalkula bilang ₱900 sahod kada oras

! Ano ang gagawin sa napulot na bagay?

Ang mga napulot na bagay tulad ng pera ay mahalagang pag-aari ng taong nakahulog nito.

Kung nakawala o nakapulot ng kahit na anong bagay, agad na pumunta sa istasyon ng pulisya o police box.

2 Tungkol sa “Pagpili”

Mahalagang punto sa pagpili ng gamit

Mga kinakailangan na gamit

(mga bagay na kailangan mong gamitin sa mga aralin sa paaralan)


- Pencil case
- Lapis atbp.



Mga gustong bagay

(hindi mahalaga kung wala, ngunit masaya kung mayroon ka nito)

- Manga (Comic Book)
- Game software



Apat na checkpoint (subukan lagyan ng tsek!)

- Hindi masyadong mataas ang presyo at tama lang sa budget.
- Mayroong warranty at after sales services.
- Maganda ba ang kalidad at paggana nito? Ito ba ay isang ligtas na produkto?
- Ito ba ay isang eco-friendly na produkto?



! Punto ng Pag-uugali

Bago bumili ng produkto, ugaliing mangalap ng impormasyon at pag-isipang mabuti ito bago bumili.

3 Tungkol sa “Pagbili”

Ang ganitong bagay ay kasunduan din.



Pagbili ng libro



Pag rent ng DVD



Pagsakay sa tren o bus

! Punto ng Pag-uugali

Ang "pagbili" ay isang "kontrata." Kailangang isa-isip hindi lamang ang sarling kaginhawahan, kaya mag-isip mabuti at kumilos ng naayon.

4 Tungkol sa “Pagbayad”

Mayroong 3 pangunahing paraan ng pagbabayad.

- Prepaid Pagbayad bago tanggapin ang produkto o serbisyo.
Mga prepaid card, book card, commuter pass, atbp.
- Agad na pagbayad Pagbayad ng produkto at serbisyo ora mismo. Cash, debit card atbp.
- Post-payment Tatanggapin muna ang produkto o serbisyo, at babayaran ang mga ito pagdating ng takdang petsa. Credit card atbp.



! Punto ng Pag-uugali


Itakda ang limitasyon ng pera na maaring gamitin.

5 Mga problema sa mga online game

Mga online game kung saan madali malaro mula sa smartphone o tablet.

Kahit na anong game kung saan makakalaro ka nang libre, mayroong maraming mga problema na nagresulta sa mataas na mga singil sa pagbabayad dahil sa pagnanais makakuha ng may mga bayad na items upang sumulong sa paglalaro.

Bilang karagdagan, kailangan mong maging maingat upang hindi masangkot sa gulo kapag ang isang hindi kilalang user na nakilala mo lamang sa isang online game ay humiling sa iyo na pag-usapan ang tungkol sa isang transaksyon ng isang ilegal na item.



Mag-enjoy tayo sa mga online games pagkatapos talakayin ang mga patakaran kung paano laruin ang laro kasama ang mga miyembro ng ating pamilya

6 Problema sa internet

Mag-ingat! Iba't-ibang problema.

- **Huwag pindutin ang YES, ENTER atbp. sa screen ng walang pakundangan.**

Maaring singilin kayo ng mataas na halaga pagkalabas ng mensahe na “Kumpleto ang rehistrasyon”

- **Mag-ingat sa mga taong nakilala sa internet.**

Ang pagsagot sa email mula sa di kilalang tao, ay maaring pinapaalam ang sariling email address sa masasamang tao. Gayundin, may ilang taong nagsisinungaling tungkol sa kanilang kasarian at edad, kaya hindi ka dapat nakikipagkilala o makipagkita.

- **Huwag magdownload ng music at video na illegal na inupload.**

Ito ay pinagbabawal ng batas. Hindi dapat magdownload nang walang pakundangan.

- **Mag-ingat sa pagsapubliko ng mga litrato.**

Ang pagpa-publish ng larawan sa internet ay maaring mabunyang ang pribadong impormasyon, katulad ng address atbp. Tigilan natin ang paglagay ng mga sariling litrato, litrato ng kaibigan o kapamilya.



Punto ng Pag-uugali

Pag-isipan mabuti bago i-click.

Magtakda ng mga patakaran sa bahay tungkol sa kung paano gamitin ang Internet.

Gumamit ng filtering service.

Huwag mag-post ng personal na impormasyon tungkol sa sarili, kaibigan o pamilya ng hindi kinakailangan.

Kapag may problema, agad-agad na kumunsulta sa kasama o kapamilya o sa iyong guro!

7 Malisyosong pamamaraan ng negosyo

Iba't ibang malisyosong pamamaraan ng negosyo

● Malicious door-to-door sales

Bumibisita sa mga bahay o lugar ng trabaho, hindi aalis kahit tanggihan, namimilit na bumili ng mga produkto sa pamamagitan ng pananakot.



● Catch Sales

Pahihintuin sa gitna ng lansangan at masugid na iimbitahin, dadalhin sa coffee shop o kumpanya at pipiliting bumili ng produkto atbp.



● Appointment Sales

Magsisinungaling sa phone atbp. na “nanalo sa raffle”, tatawag mula sa coffee shop o kumpanya at pabibilihin ng produkto atbp.



● Pyramid Selling

Anyayahan silang bumili ng maraming produktong ibinebenta, ibenta ang mga ito sa kanilang mga kaibigan, o gawin silang mga miyembro ng organisasyon, at dagdagan ang bilang ng mga miyembro ng isa-isa. Pipilitin kang bumili ng produkto sa pamamagitan ng pag-utang dito. Kapag nagsinungaling ng “Kikita tayo dito” sa mga kaibigan, maaari ring ikaw ang may kasalanan o maakusahan.



! Punto ng Pag-uugali

Huwag kalimutang pagdudahan ang kwentong madaling kumita.

Magkaroon ng lakas ng loob na tanggihan ito.

Kapag nakaranas ng pinsala, huwag mag-alala nang nag-iisa.

Kaagad-agad makipag-usap o kumunsulta sa iyong pamilya o guro kaagad!

Huwag mag-alala nang nag-iisa. Kapag nagkaproblema, huwag mag-atubiling kumunsulta!

Hotline ng mga Consumer (Walang area code) deretsong idial ang "188"

Ang propesyonal na tagapayo ang bahala sa iba't ibang problema ng consumer.
Libreng konsultasyon at pagiging kumpidensyal.

- ※Sundin ang anunsyo at pindutin ang iyong postal code upang maabot ang iyong lokal na consultation desk.
- ※Ang mga hindi makapagsalita ng wikang Hapon ay mangyari lamang tumawag kasama ang isang interpreter (taong nakakasalita ng wikang Hapon)
- ※Ang 10:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon para sa Linggo at pistang opisyal ay may kaugnayan sa tanggapan ng Sentro ng Pamumuhay ng Mamamayan. (maliban tuwing Bagong Taon)

■ Gifu Prefectural Life Counseling Center

5F OKB Fureai Kaikan, 5-14-53 Yabuta Minami, Gifu, 〒500-8384

● Consumer Life Consultation/Konsultasyon sa buhay ng Consumer

TEL 058-277-1003 FAX 058-277-1005

Lunes-Biyernes 8:30 ng umaga - 5:00 ng hapon

Sabado 9:00 ng umaga - 5:00 ng hapon (konsultasyon sa telepono lamang) (maliban tuwing linggo, pista opisyal at Bagong Taon)

※Ang pagkonsulta sa pagbisita ay pinangangasiwaan ng awtomatikong tagapagsalin ng boses. Depende sa sitwasyon, kami ay makikipagtulungan at makikipagtulungan rin sa iba pang mga counter ng konsultasyon na maaaring humawak ng iba pang mga wikang banyagang.

■ Tanggapan ng Kamo, Gifu

2610-1 Shimokobi, Kobi-cho, Minokamo-shi 〒505-8508
TEL 0574-25-3111

● Konsultasyon para sa Tagalog

TEL 0574-25-1858

Lunes-Huwebes alas 9:00 ng umaga hanggang alas 4:00 ng hapon,
Biyernes alas 9:00 ng umaga hanggang alas 3:00 ng hapon
(maliban tuwing piyesta opisyal at Bagong Taon)

※May panahon na baka wala ang tagapag-payo.

■ Tanggapan ng Lungsod ng Hida, Gifu

7-468 Kamiokamoto-machi, Lungsod ng
Takayama, 〒506-8688
TEL 0577-33-1111

※Ang pagkonsulta sa pagbisita ay pinangangasiwaan ng awtomatikong tagapagsalin ng boses. Depende sa sitwasyon, kami ay makikipagtulungan at makikipagtulungan rin sa iba pang mga counter ng konsultasyon na maaaring humawak ng iba pang mga wikang banyagang.

■ Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Prepektura ng Gifu (sa loob ng Gifu International Center)

2F floor Gifu Chunichi Building, 1-12 Yanagase doori, Gifu, 〒500-8875
TEL 058-263-8066

Lunes-Biyernes 9:30 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon (bukod tuwing bakasyon at pista opisyal)
Maaring makipagkonsulta sa wikang Tagalog

Inilikha at inilimbag ng Pebrero 2022:

Gifu Prefecture Environment and Living Department
Prefectural Life Division
2-1-1 Yabuta Minami, Lungsod ng Gifu, 〒500-8570
TEL 058-272-8204 FAX 058-278-2889

Pangangasiwa: Gifu International Center

| Taon | Section | Snumber |
|----------|---------|---------|
| Pangalan | | |